



LOS ANGELES COUNTY

# PLANO SA PANGANGASIWA NG ELEKSYON

2022



**DEAN C. LOGAN**

Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County



## TALAAAN NG MGA NILALAMAN

PANIMULA.....	3
VOTER’S CHOICE ACT (BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE) .....	3
IMPLEMENTASYON NG VCA SA LOS ANGELES COUNTY .....	4
SEKSYON 1 – PLANO PARA SA EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE.....	5
1-A    MEDIA AT BADYET NG PAG-ABOT.....	6
1-B    PAG-ABOT NG MEDIA .....	7
1-C    PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD.....	10
1-D    IMPORMASYON NG WEBSITE .....	12
1-E    TULONG SA WIKA.....	12
1-F    SUPORTA SA MADALING PAGGAMIT.....	15
SEKSYON 2 – MGA SENTRO NG PAGBOTO AT MGA LOKASYON NG KAHONG HULUGAN NG BALOTA.....	18
2-A    MGA SENTRO NG PAGBOTO .....	18
2-B    MGA KAHONG HULUGAN NG BALOTA .....	21
SEKSYON 3 – PAGKAKAAYOS NG SENTRO NG PAGBOTO, KAGAMITAN, AT PAGLALAGAY NG MGA TAUHAN .....	21
3-A    MGA LOGISTIK NG PAGLALAGAY NG MGA TAUHAN AT MGA SERBISYONG MULTILINGGWAL .	21
3-B    PAGTULONG SA SENTRO NG PAGBOTO .....	23
3-C    PAGKAKAAYOS NG SENTRO NG PAGBOTO .....	23
SEKSYON 4 – PLANO SA SEGURIDAD AT ANUMANG MAAARING MANGYARI.....	24
4-A    MGA PARAAN AT PAMANTAYAN NG SEGURIDAD.....	24
4-B    SUPORTA SA SENTRO NG PAGBOTO.....	24
4-C    CYBERSECURITY.....	25
4-D    PLANO SA ANUMANG MAAARING MANGYARI .....	26
SEKSYON 5 – PAGSULONG .....	26

## PANIMULA

Ang Los Angeles County (County) ay ang pinakamalaking lokal na hurisdiksyon sa pagboto sa bansa na may higit na 5.7 milyong rehistradong botante na naninirahan sa 4,100 milyang parisukat. Ang Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County (RR/CC) ay responsable para sa pangangasiwa ng lokal, estado, at pederal na halalan sa hurisdiksyon na ito at pagtiyak na ang lahat ng mga botante ay may kaalaman, pag-gamit, at pagkakataong lumahok sa ating demokratikong proseso. Ang RR/CC ay patuloy at masigasig na nagsusumikap na mapabuti ang karanasan sa pagboto sa pamamagitan ng sistema nito na pagmamay-ari at dinisenyo ng publiko, Mga Solusyon sa Pagboto Para sa Lahat ng mga Tao (Voting Solutions for All People o VSAP), habang inaalalis ang mga potensyal na hadlang o mga hadlang na maaaring pumigil sa isang botante sa paglahok sa eleksyon. Ang solusyon sa VSAP ay moderno, kayang magamit, at may ligtas na karanasan sa pagboto na naglalayong tiyakin na ang mga botante sa County ay may mas malaking pagkakataon na bumoto sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pinalawak na opsyon sa paraang maginhawa, kayang magamit, at ligtas; na umaayon sa mga pagsisikap na palawakin ang mga opsyon sa pagboto sa buong California.

Ang Estado ng California (Estado) ay gumawa din ng mga wala pang nakagagawang hakbang upang mapalawak ang pag-gamit at gawing moderno ang pagkilos ng pagboto sa pamamagitan ng muling pagtukoy kung paano, kailan, at kung saan maaaring bumoto ang botante sa isang halalan. Ang Batas ng Senado 450, ang Batas sa Pagpili ng Botante ng California (VCA), ay binuo upang mapadali ang pag-gamit na ito.

Sa dokumentong ito, may detalyadong impormasyon kung paano pinaplano ng RR/CC na turuan ang mga botante tungkol sa kanilang karapatan at opsyon sa pagboto; kung paano ipapamahagi, ilalagay, at pananatilihin ang Mga Sentro ng Pagboto at mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota; mga detalye sa pagkakaayos ng Sentro ng Pagboto, kagamitan sa pagboto, at mga plano sa paglalagay ng mga tauhan; plano sa seguridad at anumang maaaring mangyari; at mga susunod na hakbang.

### VOTER'S CHOICE ACT (BATAS SA PAGPILI NG BOTANTE)

Ang VCA ay nagbibigay ng pundasyong balangkas para sa mga counties upang makapag-alok ng mga pinalawak na opsyon sa mga botante sa pamamagitan ng pagbibigay ng higit na kakayahang umangkop at kaginhawahan. Ang mga pangunahing elemento ng modelo ng VCA ay kinabibilangan ng:

- Ang nasusunod na mga pagpipilian sa personal na pagboto ay nagpapahintulot sa mga botante na bumoto sa alinmang Sentro sa Pagboto sa loob ng kanilang tinitirhan na county sa loob ng 11 araw na panahon.

- Pinahusay na mga serbisyo sa botante at tulong na ibinibigay sa Mga Sentro ng Pagboto, kabilang ang May-kondisyong Pagpaparehistro ng Botante.
- Mga serbisyo ng Pinalawak na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (VBM), kabilang ang mga ligtas at maginhawang Kahong Hulugan ng Balota at hulugan na lokasyon na available simula 29 araw bago ang Araw ng Halalan (tingnan ang Seksyon 2-B).

Ang matagumpay na pagsasagawa ng modelo ng pagboto ng VCA ay nangangailangan ng pag-ampon ng mga counties na maingat na suriin ang kanilang mga kasalukuyang kundisyon at proseso, kabilang ang teknolohiya sa pagboto, kapasidad sa badyet, mga lokasyon ng pagboto, at pakikipag-ugnayan sa komunidad.

## IMPLEMENTASYON NG VCA SA LOS ANGELES COUNTY

Upang ipatupad ang VCA sa County, ang RR/CC ay bumuo ng imprastruktura batay sa mga umiiral na pagbabagong prinsipyo ng VSAP na nakatutok sa mga pangangailangan ng mga botante na balanse sa pagpapatunay ng mga komite ng pagkokonsultahan ng mga eksperto sa industriya ng disenyo, kakayahang ma-access, seguridad, teknolohiya, pangangasiwa ng halalan, akademya, at pampublikong input mula sa mga stakeholder, organisasyong nakabatay sa komunidad (CBO), at mga miyembro ng publiko. Gamit ang kumbinasyon ng mga pangkat ng pagpapayo, pagtatanong, grupong naka-pokus, teknikal na pagsusuri, at pagsubok ng gumagamit, ang RR/CC ay nagtakda ng isang pamarisan, na nangunguna sa masalimuot na proseso ng pagbuo ng bagong karanasan sa pagboto na nakakatugon sa mga kinakailangan ng Estado at lokal, nakakatugon sa mga pangangailangan ng mga botante, at lumalampas sa mga pamantayan sa seguridad ng pambansang sistema ng pagboto.

Noong Marso 3, 2020, ang Primaryang Halalan ng Pangulo, ipinatupad ng County ang inisyatiba ng VSAP na nagpakilala sa mga botante sa karanasan na kasama ang isang ganap na nagagamit at ligtas na Kagamitang Pangmarka ng Balota (BMD), Elektronikong Aklat ng Botohan (ePollbook), Interaktibong Halimbawang Balota (ISB), Magagamit sa Malayo na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM), isinamoderno na Tally System, isang 10-araw na personal na panahon ng maagang pagboto, Mga Sentro ng Pagboto, at ang Programang Mobile/Flex Voting. Sa paunang pagpapatupad na ito ng VCA at VSAP, mahigit 1.14 milyong botante ang bumoto gamit ang kanilang VBM na balota at isa pang milyon ang bumoto sa isang sentro sa pagboto. Ang turnout na ito ay kumatawan sa pagtaas ng humigit-kumulang 75% sa VBM turnout at 42% ng kabuuang turnout mula sa nakaraang primaryang halalan sa buong county noong Hunyo 2018, na nakakita ng humigit-kumulang 665,000 na botante na bumoto gamit ang kanilang Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na balota. Sa isang survey na isinagawa ng RR/CC, 70% ng mga botante ang nagsabing mayroon silang pangkalahatang niyutral o positibong karanasan.

Kasunod ng Primaryang Halalan ng Pangulo noong Marso 3, 2020, inutusan ng Lupon ng mga Superbisor (Lupon) ng County ang RR/CC na gamitin ang mga probisyon ng VCA tulad ng inilarawan sa Kodigo ng mga Halalan 4005 at 4007 (c), na nag-aatas sa County na ipadala sa koreo ang balota ng VBM sa lahat ng rehistradong mga botante. Ang maagang pag-ampon na ito ay nagbigay sa mga botante ng pagkakataon na bumoto nang ligtas mula sa kanilang bahay nang hindi nalalagay sa panganib ang kanilang kalusugan at kalusugan ng kanilang pamilya sa simula ng pandemyang COVID-19. Nangangahulugan ito ng pagtaas ng humigit-kumulang 2.5 milyong karagdagang balota ng VBM na ipinadala sa Pangkalahatang Halalan noong Nobyembre 3, 2020 kumpara sa Primaryang Halalan ng Pangulo noong Marso 3, 2020. Sa halalan na ito, mahigit 3.4 milyong botante ang bumoto gamit ang kanilang Pagboto sa pamamagitan ng Koreo na balota at humigit-kumulang 913,000 ang bumoto nang personal. Nagmarka ito ng makasaysayang 4.3 milyong turnout ng botante at pagtaas mula 58% hanggang 76% kumpara sa kabuuang turnout sa nakaraang halalan sa buong county noong Nobyembre 2018. Nakita rin ng survey na isinagawa ng RR/CC ang pagtaas ng kasiyahan ng mga botante sa kanilang karanasan sa 94% ng mga respondent sa survey na nagsasaad na mayroon silang pangkalahatang niyutral o positibong karanasan sa pagboto.

## **SEKSYON 1 – PLANO PARA SA EDUKASYON AT PAKIKIPAG-UGNAYAN SA BOTANTE**

Ang RR/CC ay patuloy na magtuturo at magpapataas ng kaalaman sa mga nakarehistro at karapat-dapat na hindi nakarehistrong mga botante tungkol sa kanilang mga karapatan sa pagboto, mga opsyon sa pagboto, ang VCA, ang karanasan sa pagboto sa VSAP, at kung paano i-a-access ang mga mapagkukunan sa pagboto sa pamamagitan ng serye ng estratehikong pampublikong edukasyon at outreach na mga kampanya. Mula nang ipatupad at pinagtibay ang VSAP at ang VCA, ang RR/CC ay nagpatupad ng tatlong malakihang multilinggwal at multikultural na mga kampanya para sa edukasyon ng botante na umakit sa milyun-milyong botante sa buong County. Gumamit ang mga kampanyang ito ng iba't ibang taktika at estratehiya, na nagbigay sa mga botante ng mga kritikal na mensahe sa higit sa isang dosenang wika at nagdirekta sa mga botante sa pampublikong magagamit na impormasyon at mga mapagkukunan sa aming website at ang walang bayad na hotline. Ang RR/CC ay patuloy na bubuo at magpapatupad ng mga kampanyang gumagamit ng mga pinakamahuhusay na kagawian, pamamaraan, at komunikasyong batay sa datos na makukuha sa merkado.

Bukod pa rito, patuloy na gagamitin at pakikinabangan ng RR/CC ang mga ugnayan nito sa mga lokal at multilinggwal na network ng news media upang makakuha ng mga pagkakataon sa media sa TV, radyo, print, at digital na mga labasan ng balita. Kasama sa mga pagkakataong ito ang ngunit hindi limitado sa pagsasagawa ng mga panayam, media round table, press briefing, at pag-imbata ng media sa iba't ibang

operasyong nakaharap sa publiko upang malaman ang tungkol sa mga proseso ng pagboto at halalan. Ang mga pakikipag-ugnayang ito sa lokal na media ay magbubunga at magbibigay sa publiko ng pinagkakatiwalaang impormasyon sa paparating na mga kaganapan sa halalan, mga kritikal na deadline, mga pagkakataon sa pagpaparehistro ng botante, mga opsyon sa pagboto, at marami pa.

Higit pa rito, patuloy na makikipagtulungan ang RR/CC sa mga matagal nang kasosyo, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa mga organisasyong nakabatay sa komunidad, may-nakataya ng County, komite ng adbokasiya, munisipalidad, mga mataas na paaralan, mga kolehiyo ng komunidad, at unibersidad. Sa pamamagitan ng mga pakikipagsosyo na ito, ang RR/CC ay makikipagtulungan at magbibigay ng mga pag-abot na materyales sa maraming wika upang itaas ang kamalayan at turuan ang ating malawak na multikultural na komunidad kung paano nila masusulit ang mga pagkakataon sa maagang pagboto, magsulong ng pakikipag-ugnayan ng sibiko, at partisipasyon ng mga botante.

### 1-A MEDIA AT BADYET NG PAG-ABOT

Ang badyet ng media at pag-abot ng RR/CC para sa Taon ng Pananalapi na 21-22 ay \$6,300,000. Ang taon ng pananalapi ng County ay tumatakbo mula Hulyo-Hunyo. Samakatuwid, ang badyet na ito ay sumasaklaw sa Hunyo 7, 2022 sa Pambuong-Estado na Tuwirang Primaryang Halalan, at ilang mga maagang gastos na may kaugnayan sa edukasyon at outreach para sa Pangkalahatang Halalan sa Nobyembre 3, 2020. Gagamitin ang badyet na ito upang ipatupad ang malakihan, multilingguwal, at multikultural na kampanya sa edukasyon ng botante upang turuan ang mga botante at residente ng County tungkol sa kanilang mga legal na karapatan sa pagboto, mga opsyon sa pagboto, at mga mapagkukunan ng halalan.

Talaan 1: Mga Paghahambing sa Paggastos para sa Mga Taon ng Pananalapi						
Taon ng Pananalapi	MEDIA			PAG-ABOT		
	Badyet	Gastos	Pagkakaiba	Badyet	Gastos	Pagkakaiba
FY 17-18	\$850,000	\$488,656	\$361,344	\$25,000	\$29,773	\$(4,773)
FY 18-19	\$1,500,000	\$587,216	\$912,784	\$25,000	\$62,216	\$(37,216)
FY 19-20	\$7,467,000	\$360,269	\$7,106,731	\$25,000	\$1,001	\$23,999
FY 20-21	\$725,000	\$290,338	\$434,662	\$16,376,000	\$12,804,721	\$3,571,279
FY 21-22	\$1,700,000	\$970,101	\$729,899	\$4,600,000	-	\$4,600,000
FY 22-23	\$700,000	-	\$700,000	\$2,000,000	-	\$2,000,000

## 1-B PAG-ABOT NG MEDIA

Gumagamit ang RR/CC ng iba't ibang pinagmumulan ng datos tulad ng mga report mula sa mga nakaraang kampanya sa edukasyon ng botante, mga survey ng pampublikong botante, at mga pinagmumulan ng datos na kinikilala sa bansa sa pagtukoy ng mga pinakamahusay na paraan upang epektibong maabot at makipag-ugnayan sa magkakaibang populasyon ng County. Ang RR/CC ay patuloy na gagamit ng itinutulak ng datos na pamamaraan upang mahusay na matukoy kung paano ituturo sa publiko ang kanilang mga opsyon at karapatan sa pagboto, kasama ang pagdidirekta sa kanila sa mga pinagkakatiwalaang mapagkukunang magagamit sa kanila online at sa pamamagitan ng aming walang bayad na hotline.

Ang pangangampanya sa media ay magiging multilinggwal at multikultural. Upang matiyak na naaabot ang magkakaibang mga komunidad ng County, ang RR/CC ay makikipag-ugnayan sa malalaking pambansang plataporma pati na rin sa maliliit na lokal na outlet. Tinitiyak ng komprehensibong pamamaraang ito na matatanggap ng mga botante ang mensahe ng RR/CC sa anumang paraan na karaniwan nilang ginagamit ang balita at impormasyon.

### **Broadcast Media**

Makikipagtulungan ang RR/CC sa iba't ibang Ingles at hindi-Ingles na broadcast network at mga istasyon sa telebisyon at radyo upang makagawa ng mga anunsyo sa pampublikong serbisyo, magsagawa ng mga panayam na nagbibigay-kaalaman, at magpapalabas ng mga bayad na pakikipag-ugnayan. Ang mga anunsyo ng serbisyon pampubliko, kasama ang iba pang pagsisikap ng pag-abot ng RR/CC, ay maglalaman ng mga kritikal na mensahe sa paparating na halalan, impormasyon sa pagpaparehistro, pag-akses sa wika, at mga opsyon sa pagboto. Ang mga pagsisikap na ito ay direktang maglilingkod sa mga mamamayang Ingles at hindi nagsasalita ng Ingles. Kasama sa mga nakaraang kasosyo, ngunit hindi limitado sa:

- |             |                |              |
|-------------|----------------|--------------|
| • ABC       | • Univision    | Broadcasting |
| • CBS       | • iHeart Media | • KNX        |
| • KTLA      | • POWER 106    | • KPCC       |
| • FOX       | • Entercom     | • NPR        |
| • NBC       | • Entravision  | • K-ABC      |
| • Telemundo | • Liberman     | • KFI        |



- KJLH

### **Print Media**

Ang RR/CC ay makikipagtulungan sa lokal at rehiyonal na print media upang isulong ang pakikipag-ugnayan ng sibiko at upang turuan ang mga mambabasa kung paano sila makakapagrehistro para bumoto, suriin ang kanilang mga karapatan at opsyon sa pagboto, hanapin ang mga mapagkukunan ng halalan, at hikayatin ang maagang paglahok sa pagboto. Kabilang dito ang mga pahayagan, magasin, at pahayagang palihan. Ang print media ay patuloy na nagsisilbing pinagkakatiwalaang behikulo upang maabot ang mga komunidad na nakahiwalay sa heograpiya at hindi gaanong naseserbisyuhan, kasama ang mga residenteng pangunahing nagsasalita o nagbabasa ng wika maliban sa Ingles. Kasama sa mga nakaraang kasosyo, ngunit hindi limitado sa:

- Los Angeles Times
- LA Daily News
- Daily Breeze
- Pasadena Star News
- Long Beach Press-Telegram
- Whittier Daily News
- San Gabriel Valley Tribune
- LA Sentinel
- La Opinion
- World Journal
- The Korea Times

### **Media na Digital**

Patuloy na pakikinabangan ng RR/CC ang mga digital plataporma para magbigay ng mga static at video na pag-aanunsiyo sa iba't ibang mga multilinggwal na plataporma, website, at mga serbisyo ng streaming para tumulong sa pagpupulong sa mga botante kung saan nila ginagamit ang kanilang mga balita o libangan. Ang digital media ay gumaganap ng mahalagang bahagi sa epektibong plano sa media at pag-abot dahil ang mga residente ay lubos na umaasa sa kanilang mga mobile o digital na kagamitan upang kumonsumo ng impormasyon at upang magamit ang mga online na mapagkukunan o impormasyon.

### **Social Media**

Ang RR/CC ay patuloy na gagamit ng mga plataporma ng social media upang makipag-ugnayan sa mga residente ng County kung paano magpaparehistro para bumoto at upang hikayatin ang paglahok ng botante. Ang social media ay ang nananatiling isa sa pinakamahusay na sulit na mga paraan upang i-target ang mga partikular na madla na may mga mensahe at upang ipakalat ang impormasyon sa mataas na dami kaya ang kritikal na impormasyon sa pagboto at halalan ay nananatiling nasa tuktok ng isip.

Bukod pa rito, nagbibigay ang social media ng natatanging pagkakataon para sa pakikipag-ugnayang kapantay sa kapantay sa iba't ibang plataporma habang pinahihintulutan din ang RR/CC na makipag-ugnayan sa mga botante upang matugunan ang mga tanong, alalahanin, o alisin ang mga kasinungalingan o maling impormasyon.

Maaari mong i-like, i-follow, o mag-subscribe sa RR/CC sa:

- Facebook: [facebook.com/LACountyRRCC](https://facebook.com/LACountyRRCC)
- Instagram: [@lacountyrrcc](https://instagram.com/lacountyrrcc)
- YouTube: [lacountyrrcc](https://youtube.com/lacountyrrcc)
- Twitter: [@LACountyRRCC](https://twitter.com/LACountyRRCC)

### **Kalakal ng Email**

Patuloy na gagamitin ng RR/CC ang malawak nitong listahan ng mga email address na nauugnay sa database ng pagpaparehistro ng botante upang magpadala ng napapanahon at pinagkakatiwalaang mensahe sa mga botante sa mga huling araw o oras, pagkakataon sa pagboto, at kung paano nila magagamit ang mga online na kagamitan upang gawing mas madali at mas maginhawa ang kanilang karanasan sa pagboto.

### **Wala sa Bahay**

Ang RR/CC ay patuloy na susuriin at tutukuyin ang iba't ibang pagkakataon sa labas ng bahay na magmensahe sa mga residente. Noong nakaraan, ang mga tradisyunal na transit na billboard na patalastas, kabilang ang mga silungan ng bus at billboard sa mga highway, ay ginamit at ito ay patuloy na tuklasin upang matiyak na ang pangunahing impormasyon sa isang halalan ay umaabot sa magkakaiba at heograpikal na nakahiwalay na mga komunidad sa loob ng County.

### **Mga Kumpanya ng Rideshare/Transportasyon**

Ang RR/CC ay patuloy na makikipagtulungan sa mga kumpanya ng rideshare, ang Metropolitan Transportation Authority, ang Department of Public Works ng County, at iba pang mga entidad ng transportasyon sa buong County upang maisulong ang pagpaparehistro at impormasyon ng botante, na may layuning magbigay ng mga serbisyo sa transportasyon sa mga Sentro ng Pagboto.

### **Mga Ma-impluwensiya at Pinagkakatiwalaang Tagapaghatid**

Ang RR/CC ay patuloy na makikipagtulungan sa mga ma-impluwensiya at pinagkakatiwalaang tagapaghatid sa loob ng ating mga komunidad upang turuan at mapalakas ang pangunahing pagmemensahe na binuo ng RR/CC at mga kasosyo nito.

### **Direktang Pag-koreo**

Sa mga halalan sa buong county, ang RR/CC ay direktang maglalabas ng dalawang direktang pagpapadala sa mga rehistradong botante. Upang direktang tulungan ang mga botante, ibibigay ng RR/CC ang pinakamalapit na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota sa pakete ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo. Ang isang hiwalay na pagpapadala ng Sentro ng Pagboto ay ibibigay sa bawat rehistradong botante na nagpapakita ng pinakamalapit na mga Sentro ng Pagboto sa kanilang tirahan. Ang RR/CC ay patuloy na gagamit ng mga direktang pagpapadala bilang isang paraan ng pag-abot, na karagdagan sa Halimbawang Balota at pakete ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo, upang turuan ang mga botante sa paparating na halalan at upang magbigay ng mga detalye sa personal at sa pamamagitan ng koreo na mga timeline ng pagboto, naa-access na mga opsyon sa pagboto, mga lokasyon ng mga personal na Sentro sa Pagboto, at kung saan makakahanap ang mga botante ng mapagkakatiwalaan at ligtas na impormasyon ng halalan sa pamamagitan ng walang bayad na hotline o website ng RR/CC.

Batay sa siklo ng halalan, ang mga pagpapadala ng koreo ay maaaring magsama at magbigay sa mga botante ng post-paid na ibinabalik na porma na nagpapahintulot sa kanila na humiling ng mga materyales sa halalan sa isang wika maliban sa Ingles o upang i-update ang kanilang impormasyon sa address ng tirahan.

### **1-C PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD**

Upang epektibong makipag-ugnayan sa publiko at makapagbigay ng impormasyon tungkol sa VSAP, ang RR/CC ay patuloy na makikipagtulungan sa mga ahensyang kasosyo sa loob ng County, iba pang ahensya ng pamahalaan, Mga Klerk ng Lungsod, at CBO. Ang RR/CC ay magsasagawa ng mga presentasyon, mga kaganapan ng tauhan, magbibigay ng mga pagsasanay at materyales, at titiyakin na ang naaalinsunod na mensahe ay naibibigay sa publiko. Upang suportahan ang mga aktibidad na ito, lumikha ang RR/CC ng maraming flyer at poster na naglalalaman ng impormasyon upang higit pang turuan at ipaalam sa komunidad ang VSAP at VCA. Ang lahat ng materyal na ibinigay sa mga organisasyong ito ay may tatak na VSAP, na tinitiyak sa publiko na ang impormasyon ay may kaugnayan, tumpak, at nagmumula sa pinagkakatiwalaang pinagmulan.

### **Pagtutulungan/Mga May-nakataya sa Buong County**

Ang pag-abot at pagtuturo sa publiko ay nangangailangan ng sama-samang pakikipagtulungan mula sa mga pampublikong opisyal (inihalal at hindi halal), mga ahensya ng gobyerno, mga departamento ng County, lungsod, kamara ng komersiyo, at iba pang stakeholder ng komunidad. Ang mga entidad na ito ay nagtutulungan upang turuan at itaas ang kamalayan sa mga opsyon sa pagboto at pangunahing impormasyon sa halalan.

Ang pakikipagtulungan sa ibang mga departamento ng County ay nagpapahusay sa kakayahan ng RR/CC na abutin at turuan ang publiko. Ang mga sumusunod na entidad ng County ay tinulungan ang RR/CC kamakailan lamang at ang isang sampling ng mga tutulong sa pagtuturo sa botante at mga pagsisikap sa pag-abot ay:

- Tagatasa
- Mga Tabing-Dagat at Baybayin
- Lupon ng mga Superbisor
- Opisina ng Punong Tagapamahala
- Mga Usapin para sa Mamimili at Negosyo
- Komunikasyon sa Buong County
- Mga Parke at Libangan
- Pampublikong Aklatan
- Mga Pampublikong Serbisyo sa Lipunan
- Mga Pampublikong Gawain
- Ingat-Yaman at Kolektor ng Buwis
- Pagpapaunlad Ng Puwersa Ng Paggawa, Mga Serbisyo sa Pagtanda at sa Komunidad

### Mga Kaganapan sa Komunidad

Sa pamamagitan ng mga pakikipag-ugnayan sa CBO at mga may bayad na pakikipagsosyo sa media, ang pagkakataong maging punong-abala at mag-isponsor ng mga kaganapan sa buong County ay magbubunga ng isang mahalagang paraan para sa RR/CC na makipag-ugnayan sa publiko tungkol sa bagong modelo ng pagboto. Ang RR/CC ay may maraming matatagal nang pakikipag-ugnayan sa maraming organisasyon at mga tagapag-ugnay ng kaganapan at gugugol ng maraming katapusan ng linggo sa pag-aayos ng mga talaan at pagbibigay ng materyal na nauugnay sa halalan sa publiko. Itinatampok ng Talaan 2 ang seleksyon ng mga pangunahing kaganapan na dinaluhan ng RR/CC ngayong taon at planong daluhan sa 2022. Bilang karagdagan sa mga kaganapan na ito, ang RR/CC ay dumalo na sa ilang daang iba pang mga kaganapan sa komunidad.

Talaan 2. Mga Pangunahing Kaganapan sa Komunidad		
PETSA	KAGANAPAN	LUNGSOD
<b>Pebrero 13, 2022</b>	Bell 5K Resource Fair	Bell
<b>Marso 4, 2022</b>	Care Harbor Resource Event	Los Angeles
<b>Marso 5, 2022</b>	Care Harbor Resource Event	Los Angeles
<b>Marso 11, 2022</b>	Latina History Day	Los Angeles

<b>Marso 15, 2022</b>	Townhall Voter Registration	Dominguez Hills
<b>Marso 16, 2022</b>	East LA Job and Resource Fair	Los Angeles
<b>Marso 16, 2022</b>	Gabrielino HS College and Career Fair	San Gabriel
<b>Marso 24, 2022</b>	SOS Event	Domingue Hills
<b>Mayo 5-31, 2022</b>	Pomona FairPlex	Pomona

## 1-D IMPORMASYON NG WEBSITE

### LAVOTE.GOV

Ang opisyal na website ng RR/CC, LAVOTE.GOV, ay ang pangunahing mapagkukunan at lokasyon para sa lahat ng impormasyon sa pagboto at halalan sa loob ng County. Ang website ay patuloy na ina-update nang may kritikal na impormasyon sa paparating na halalan, impormasyon sa pagpaparehistro ng botante, mga opsyon sa pagboto, at online na mapagkukunan upang pahasayin ang karanasan sa pagboto.

## 1-E TULONG SA WIKA

Ang Los Angeles County ay hindi lamang ang pinakamataong lokal na hurisdiksyon ng halalan sa bansa, isa rin ito sa pinaka-magkakaibang lugar. Ang pagkakaiba-iba ng kultura at lingguwistika ay isa sa mga katangian ng County, na ginagawa itong masigla at pabago-bago ang mga botante. Upang suportahan at pagyamanin ang bukas at inklusibong proseso para sa ating mga komunidad ng minoryang wika, ang RR/CC ay nagbibigay ng mga isinaling materyales at matatag na tulong sa wika. Ang County ay kasalukuyang nag-aalok ng tulong sa wika sa mga botante bilang karagdagan sa Ingles sa mga sumusunod na wika:

- Armenian
- Chinese
- Cambodian/Khmer
- Farsi
- Korean
- Spanish
- Tagalog/Filipino
- Vietnamese
- Hindi
- Japanese
- Thai
- Russian
- Bengali\*
- Burmese\*
- Gujarati\*
- Indonesian\*
- Mongolian\*
- Telugu\*

*\*Ang mga serbisyo sa mga wikang ito ay papahusayin simula sa Ika-7 ng Hunyo, Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Halalan. Kabilang ang pagpapadala sa koreo ng mga VBM ballot at ang pagdaragdag ng mga wikang ito sa Mga Kagamitang sa Pagmarka ng Balota.*

Ang County ay nakatuon sa pagpapatuloy ng komprehensibong pamamaraan nito sa pagsunod sa mga kinakailangan sa wikang pederal at Estado at pagkamit ng layunin nito sa pagbibigay ng patas, kayang magamit, at malinaw na mga serbisyo sa halalan para sa lahat ng mga botante.

### **Pagkilala at Paglilingkod sa Mga Botanteng may Limitadong Kahusayan sa Ingles (LEP)**

Kapag ang tao ay nagparehistro para bumoto, maaari silang humiling ng mga isinaling materyal para sa halalan sa ibang wika. Ang sinumang botante na hihiling nito ay awtomatikong makakatanggap ng isinalin na halimbawang na balota at lahat ng materyales sa halalan sa kanilang piniling wika. Ang RR/CC ay mayroon ding Multilingual Assistance Hotline (Hotline ng Tulong sa Multilinggwal) para sa mga botante na humiling ng mga isinaling materyal para sa halalan o impormasyon tungkol sa mga lokasyon ng Sentro ng Pagboto, mga kard ng may dalawang wika ng pagpaparehistro ng botante, mga isinaling aplikasyon sa VBM, at mga sample na booklet ng balota.

Ang RR/CC ay nakabuo ng komprehensibong sistema ng datos sa pag-target na nagsasama ng demograpikong data at mga kahilingan sa tulong sa wika mula sa maraming pinagmumulan kabilang ang datos mula sa United States Census, American Community Survey, mga aplikasyon sa pagpaparehistro ng botante, at mga kahilingan sa tulong sa wika mula sa mga grupo ng komunidad. Mula sa datos na ito, nabuo ang ulat upang bigyang-prioridad ang paglalagay ng mga tauhan para sa maraming wika sa Mga Sentro ng Pagboto batay sa mga pangangailangan ng tulong sa wika. Batay sa umiiral na datos, ang mga Election Worker (Manggagawa sa Halalan) na nagsasalita ng Espanyol ay ilalagay sa bawat Sentro ng Pagboto.

### **Pagtuturo at Pakikipag-ugnayan sa Mga Komunidad ng LEP Tungkol sa Mga Sentro ng Pagboto**

Ang Komite sa Pagpapayo sa Paggamit ng Wika (LAAC) ng RR/CC, na itinatag noong 2017, ay gumaganap ng mahalagang tungkulin sa pagtuturo sa komunidad ng LEP tungkol sa paparating na halalan at sa kanilang mga opsyon sa pagboto. Tumutulong ang mga miyembro ng LAAC sa pamamagitan ng pagiging punong-abala ng mga kaganapan sa komunidad at pamamahagi ng mga isinaling materyal sa loob ng kanilang mga komunidad. Ang ilan sa mga organisasyon ng LAAC ay kinabibilangan ng:

- Asian Americans Advancing Justice
- California Common Cause
- Center for Asian Americans United for Self Empowerment (CAUSE)
- Korean American Coalition
- League of Women Voters (LWV), Los Angeles
- NALEO Educational Fund
- National Iranian American Council

- Pars Equality Center
- South Asian Network (SAN)
- United Cerebral Palsy of Los Angeles

Ang RR/CC ay nakikipagpulong sa LAAC kada ikaapat na bahagi upang patuloy na makipagtulungan sa mga isyu, palawakin at pahasayin ang mga serbisyo ng wika, at makipag-ugnayan sa mga komunidad ng LEP. Ang karagdagang impormasyon, gaya ng kung paano dumalo, makilahok, at/o sumali sa mga pagpupulong ng komite, ay matatagpuan sa LAVOTE.GOV.

## **1-F SUPORTA SA MADALING PAGGAMIT**

Ang RR/CC ay masigasig na nagtatrabaho upang matiyak ang ganap na madaling paggamit ng mga halalan para sa mga taong may mga kapansanan at patuloy na magsasagawa ng malalaking hakbang sa pagtatanong at pag-kalap ng mga tauhan, pagbabago, at pagpapanatili ng mga magagamit na Sentro ng Pagboto.

Ang modelo ng Sentro sa Pagboto ay idinisenyo upang maging naa-access ng lahat ng mga botante sa pamamagitan ng pagtiyak na ang mga naa-access na Sentro sa Pagboto ay matatagpuan malapit sa mga botante na may mga kapansanan. Sa pagtatasa ng Mga Sentro ng Pagboto, ang mga pasilidad na ikinonsidera para sa pagsisilbi bilang Sentro ng Pagboto ay kailangang matugunan ang mga kinakailangan para madaling mapupuntahan bilang karagdagan sa iba pang pamantayan. Nakipag-ugnayan ang RR/CC sa komunidad sa pamamagitan ng Komite sa Pag-abot ng Botante sa Komunidad (CVOC) at Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) nito. Ang VAAC ng County ay itinatag noong 2006 upang tulungan ang RR/CC sa pagpapatupad ng mga makabagong estratehiya na nagpapabuti sa madaling paggamit at partisipasyon. Ang VAAC ay may mahalagang tungkulin sa pagtulong sa RR/CC sa parehong mga aktibidad bago at pagkatapos ng halalan.

Sa pakikipagtulungan sa VAAC, ang RR/CC ay nakagawa ng video ng Pagsasanay para sa Kamalayan sa Kapansanan ng Manggagawa sa Halalan upang turuan ang mga Manggagawa sa Halalan kung paano makihalubilo sa mga botanteng may ibang espektro ng mga kapansanan. Ang video na ito ay kasama sa kurikulum ng pagsasanay ng Manggagawa sa Halalan at maaari ding gamitin ng mga grupo ng komunidad upang ipaalam sa kanilang mga nasasakupan ang tungkol sa mga serbisyong mayroon para sa mga botante na may mga kapansanan.



## **Pakikipagtulungan sa Mga Organisasyon ng Pagsusulong sa Pagiging Naa-access**

Ang Komite sa Pagpapayo sa Kakayahan sa Pagboto (VAAC) ng RR/CC, na itinatag noong 2006, ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapaalam sa mga botante tungkol sa iba't ibang mga programa, proseso, serbisyo at mga kagamitan na inilagay upang mapataas ang accessibility para sa mga botante. Tumutulong ang mga miyembro ng VAAC sa pamamagitan ng pagiging punong-abala ng mga kaganapan sa komunidad, pakikipagtulungan sa RR/CC sa pagkonekta sa mga botanteng may mga kapansanan at pamamahagi ng mga isinaling materyal sa loob ng kanilang mga komunidad. Ang ilan sa mga organisasyon na lumalahok sa VAAC ay kinabibilangan ng:

- Kakayahan Muna
- Konseho sa CA ng Bulag
- Malayang Mga Sentro ng Pamumuhay sa CALIF
- Mga Karapatan sa Kapansanan ng California
- Mga Sentro ng Rehiyon
- Nagkaisang Cerebral Palsy ng Los Angeles
- Sentro para sa Mga Pag-aaral sa Kapansanan at Pagsasama ng Komunidad ng USC

Sa pakikipagtulungan sa VAAC, patuloy na ipapaalam ng RR/CC sa komunidad ang suporta sa pagiging naa-access na makukuha sa buong proseso ng pagboto. Ang RR/CC ay nakikipagpulong sa VAAC kada ikaapat na bahagi upang patuloy na makipagtulungan sa mga isyu, pagbutihin ang mga serbisyo sa pagiging naa-access at makipag-ugnayan sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang karagdagang impormasyon, gaya ng kung paano dumalo, makilahok, at/o sumali sa mga pagpupulong ng komite, ay matatagpuan sa [LAVOTE.GOV](http://LAVOTE.GOV).

## **Mga Magagamit na Serbisyo – ISB, RAVBM, VBM, at BMD**

Ang ISB, RAVBM, VBM, at BMD ng County ay mga kagamitan na nagbibigay ng karagdagang pag-gamit at kaginhawahan sa mga botante na may mga kapansanan. Ang mga kagamitan na ito ay idinisenyo at ipinatupad lahat bilang mga pangunahing bahagi ng solusyon sa VSAP. Ang mga kagamitan ay idinisenyo at ipinatupad gamit ang isang nagtutulongan, nakasentro sa taong proseso ng disenyo na umaakit sa mga botante, mga organisasyon ng komunidad ng mga manggagawa sa halalan, mga opisyal ng lokal na halalan, at mga eksperto sa mga paksa tulad ng teknolohiya, pagiging naa-access at seguridad. Bilang bahagi ng prosesong iyon, ang mga kagamitan ay dumaan sa malawakang pagsubok ng gumagamit upang matiyak ang kadalihan ng paggamit at pagiging naa-access. Ang mga kagamitan na ito ay dinisenyo nang may 14 na pangunahing mga prinsipyo sa isip. Ang mga prinsipyong ito ay:

- |   |                                |
|---|--------------------------------|
| 1. Kalinawan                                    | 8. Pagiging epektibo ng gastos |
| 2. Kakayahang Magbigay ng Mga Opsyon sa Pagboto | 9. Nasusukat                   |
| 3. Pagkapribado                                 | 10. Kakayahang umangkop        |
| 4. Dali ng Paggamit at Pagiging Naa-access      | 11. Dali ng Pag-setup          |
| 5. Tiwala                                       | 12. Minimal na Kapangyarihan   |
| 6. Integridad                                   | 13. Minimal na Programming     |
| 7. Seguridad                                    | 14. Maaaring Dalhin            |

Maaaring ma-access ang ISB sa pamamagitan ng nakabatay sa web na aplikasyon na matatagpuan sa website ng RR/CC. Ang ISB ay magagamit sa 19 na wika, maaaring ma-access gamit ang pantulong na teknolohiya at idinisenyo upang maging madaling gamitin at maunawaan. Ang ISB ay nagpapahintulot sa user na markahan ang kanilang halimbawang balota at lumikha ng Pases sa Pagboto na maaaring i-print o i-download sa isang mobile device. Pinapabilis ng Pases sa Pagboto ang karanasan sa pagboto sa isang Sentro ng Pagboto sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa botante na mabilis na mailipat ang kanilang mga piniling halimbawang balota sa BMD, kumpirmahin o baguhin ang kanilang mga pinili, at tapusin ang proseso ng pagboto ng kanilang balota.

Ang lahat ng BMD ay nag-aalok ng maraming tampok na madaling paggamit na nagbibigay-daan sa mga botante na ipasadya ang karanasan base sa kanilang mga kakayahan. Ang bawat BMD ay may sapat na espasyo para mapaunlakan ang mga botante sa mga wheelchair o walker. Maaaring isaayos ang touchscreen display para sa mga botante na nakaupo o nakatayo. Para sa mga hindi magawa o nahihirapan sa paggamit ng touchscreen, ang BMD ay may kasamang tactile keypad na may mga button para mag-navigate sa balota at pumili. Maaari ding ayusin ng botante ang laki ng font, kulay, at contrast ng screen ng BMD para sa kadalihan ng pagtingin. Ang bawat BMD ay naglalaman ng built-in na audio headset na nagbibigay-daan sa botante na makinig sa mga paligsahan sa balota at mga pagpipilian. Ang bilis at lakas ng audio ay maaaring iakma ng botante. Bilang karagdagan, noong 2022, ipinakita ng BMD ang parehong interface ng audio at touchscreen sa 20 na wika.

Habang ang balota at sobre ng VBM ng County ay idinisenyo upang madaling magamit, nag-aalok din ang RR/CC ng RAVBM. Gamit ang kagamitan na ito, maaaring magamit ng botante ang isang naka-base

sa web na aplikasyon na matatagpuan sa website ng RR/CC upang tingnan ang kanilang balota sa format na nababasa sa screen. Maaaring gumamit ang mga botante ng mga pantulong na teknolohiya/mga kagamitan upang basahin at markahan ang kanilang mga pinili. Ang botante ay dapat ilimbag ang kanilang balota pagkatapos at ipadala ito sa RR/CC o ihulog ito sa isang Sentro ng Pagboto o Kahong Hulugan ng Balota.

Parehong nagbibigay-daan ang mga opsyon ng personal at VBM para sa malaya, pribado, at ligtas na karanasan sa pagboto para sa lahat ng mga botante.

## **SEKSYON 2 – MGA SENTRO NG PAGBOTO AT MGA LOKASYON NG KAHONG HULUGAN NG BALOTA**

Ang VCA ay nangangailangan na ang County ay magtatag ng maginhawa, ligtas, at madaling ma-access na mga sentro sa pagboto at mga kahong hulugan sa buong County. Nagtatakda ito ng pinakamababang pamantayan para sa pagpili ng mga lokasyon, bilang ng mga araw, at oras ng pagpapatakbo para sa mga lokasyon na ito. Ang County ay nagsasagawa ng malawak na pananaliksik at pagsusuri upang matukoy ang pinakamahusay na mga lokasyon para sa mga botante ng County ng Los Angeles at naglulunsad ng isang komprehensibong outreach na kampanya upang gawing available ang impormasyon ng lokasyon sa mga botante. Ang mga lokasyon ng Sentro sa Pagboto at Kahong Hulugan ay ginawang available bago ang bawat halalan sa LAVOTE.GOV. Ang impormasyon ng lokasyon ay ibinabahagi rin sa mga botante sa pamamagitan ng iba't ibang mga tagahatid ng sulat.

### **2-A MGA SENTRO NG PAGBOTO**

#### **Paglalagay ng Sentro ng Pagboto**

Ang pagtukoy sa mga pinaka-angkop na lokasyon ng Sentro ng Pagboto ay nangangailangan ng matatag, proseso na hinihimok ng datos na nagsasama ng Estado at lokal na mga kinakailangan sa mga lokal na malapad at sosyo-ekonomiko na kondisyon habang hinuhulaan ang mga pag-uugali at huwaran ng tao. Gumagamit ang RR/CC ng komprehensibong estratehiya upang tukuyin ang mga tamang-tama na lokasyon ng Sentro ng Pagboto para sa mga komunidad nito na lumalampas sa pinakamababang pamantayan ng VCA.

Isinasama ng RR/CC ang sumusunod na 14 na pamantayan kapag tinutukoy ang perpektong pagkakalagay sa Sentro ng Pagboto:

1. Mga Komunidad na Nakahiwalay sa Heograpiya
2. Mga Komunidad na May Mababang Kita

3. Limitadong Pagsasalita ng Ingles at Mga Komunidad ng Minoryang Wika
4. Mga Komunidad na Mababa ang Pag-aari ng Sasakyan
5. Mga Sentro ng Populasyon sa Paninirahan ng Botante
6. Malapit sa mga Sentro ng Trabaho
7. Mga Botanteng May Kapansanan
8. Mga Hindi Rehistradong Kwalipikadong Botante
9. Mababang Paggamit ng VBM
10. Mga Rehistradong Botante na may Mataas na Gawi
11. Umuusbong na mga Botante
12. Paggamit sa Paghahatid
13. Pagsisikip at mga Pattern ng Trapiko
14. Magagamit ng Publikong Paradahan

### **Pagsusuri sa Pasilidad para sa Los Angeles County**

Ang VCA ay nangangailangan ng humigit-kumulang 114 na Mga Sentro ng Pagboto na maging bukas 10 araw bago ang Araw ng Halalan para sa Ika-7 ng Hunyo, 2022 na Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Halalan, gayunpaman, ang layunin ng RR/CC ay magkaroon ng 120. Dagdag pa rito, tatlong araw bago at kasama ang Araw ng Halalan, ang VCA ay nangangailangan ng pinakamababang 568 na Sentro ng Pagboto na bukas sa County, ngunit ang layunin ng RR/CC ay 640.

Upang tapusin at kumpirmahin ang Mga Sentro ng Pagboto, ang RR/CC ay nagsasagawa ng mga komprehensibong pagtatanong sa bawat potensyal na lugar upang matiyak ang madaling paggamit at naaangkop na power at network connectivity.

Kasunod ng pagkumpleto ng mga pagtatanong, ang RR/CC ay susulong sa pagsasapinal sa pamamagitan ng nilagdaang Mga Kasunduan sa Paggamit ng Pasilidad na nagbabalangkas ng mga partikular na petsa, oras, at pagtatalaga ng silid sa loob ng bawat Sentro ng Pagboto. Kasunod ng pagkumpleto ng mga pagtatanong, ang RR/CC ay susulong sa pagsasapinal sa pamamagitan ng nilagdaang Mga Kasunduan sa Paggamit ng Pasilidad na nagbabalangkas ng mga partikular na petsa, oras, at pagtatalaga ng silid sa loob ng bawat Sentro ng Pagboto.

### **Mga Oras ng Operasyon ng mga Sentro ng Pagboto**

Ang mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas para sa karagdagang 10 araw bago ang Araw ng Halalan, na nagpapahintulot sa mga botante ng dalawang katapusan ng linggo na bumoto sa alinmang lokasyon ng

Sentro ng Pagboto. Ang mga Sentro ng Pagboto ay magbubukas nang hindi bababa sa 9 oras bawat araw sa unang 10 araw ng panahon ng pagboto at mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. sa Araw ng Halalan.

## **2-B MGA KAHONG HULUGAN NG BALOTA**

Ang mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota ay mahalaga sa pagbibigay ng mas mataas na madaling paggamit sa mga botante, lalo na sa mga nakatira sa mga rural na lokasyon, na madalas maglakbay, at nagtatrabaho sa labas ng mga hangganan ng County. Alinsunod sa VCA, ang mga Kahong Hulugan ng Balota ay dapat na ligtas, magagamit, at nakakandado hangga't maaari sa mga naitatag na ruta ng pampublikong transportasyon. Dapat bukas ang mga Kahong Hulugan ng Balota sa mga regular na oras ng negosyo nang hindi bababa sa 29 araw bago at kasama ang Araw ng Halalan. Bukod pa rito, dapat mayroong kahit isang Kahong Hulugan ng Balota, na magagamit, ligtas, at handa sa loob ng pinakamababa na 12 oras bawat araw, kabilang ang mga regular na oras ng trabaho.

Ang mga rekomendasyon para sa mga lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota ay tinutukoy batay sa pamantayan ng VCA at heograpikong distribusyon. Alinsunod sa VCA, ang County ay kinakailangang magkaroon ng hindi bababa sa 379 na Kahong Hulugan ng Balota para sa Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Halalan sa Ika-7 ng Hunyo, 2022. Ang RR/CC ay may kasalukuyang 380 na 24 oras na Kahong Hulugan ng Balota na naka-talaga sa buong County. Upang maging alinsunod sa mga nakaraang halalan sa buong County, bago ang Ika-7 ng Hunyo, 2022 na Pambuong-estado na Tuwirang Primaryang Halalan, ang karagdagang 20 na Kahong Hulugan ng Balota ang ilalagay para sa kabuuang 400 Kahong Hulugan ng Balota. Ang mga idinagdag na lokasyon ng Kahong Hulugan ng Balota ay sumasailalim sa karagdagang mga pagtatasa katulad ng proseso ng Sentro ng Pagboto na tinutukoy sa Seksyon 2-B. Bilang karagdagan, ang lahat ng Sentro ng Pagboto ay magsisilbi rin bilang mga lokasyon sa Hulugan ng Balota.

## **SEKSYON 3 – PAGKAKAAYOS NG SENTRO NG PAGBOTO, KAGAMITAN, AT PAGLALAGAY NG MGA TAUHAN**

### **3-A MGA LOGISTIK NG PAGLALAGAY NG MGA TAUHAN AT MGA SERBISYONG MULTILINGGWAL**

Ang modelo ng Sentro ng Pagboto ng Los Angeles County ay idinisenyo upang tumanggap ng iba't ibang antas ng pakikilahok sa buong County. Ang County ay magtatalaga ng mga Sentro ng Pagboto gamit ang tatlong tinatayang mga pagkakaiba-iba ng sukat: maliit, katamtaman, at malaki (tingnan ang Talaan 3). Ang bawat Sentro ng Pagboto ay magkakaroon ng hanay na 5 hanggang 27 mga Manggagawa sa Halalan depende sa laki at bilang ng mga araw na bukas sa panahon ng pagboto. Hanggang walong (8) bilingual na tagapagsalita ang maaaring italaga upang tuparin ang mga kinakailangan sa wika para sa mga presinto sa o katabi ng isang Sentro ng Pagboto.

Talaan 3. Mga Limitasyon sa Sukat ng Sentro ng Pagboto		
Sukat ng Sentro ng Pagboto	Kinakailangang Kudradong Sukat	Suportado ng mga BMD
Maliit	1,775 – 3,274	15 - 20
Katamtaman	3,275 – 4,499	25-30
Malaki	>4,500	35-45

Ang mga sumusunod ay ang mga natukoy na tungkulin ng RR/CC ng Mangagawa sa Halalan sa isang Sentro ng Pagboto:

- **Nangunguna** – Pinangangasiwaan ang lahat ng aktibidad sa Sentro ng Pagboto kabilang ang pagbubukas at pagsasara nito, pagtugon sa mga tanong/isyu, at paghahatid ng mga balota sa Mga Sentro ng Pag Tsek-in (CIC) araw-araw.
- **Pangalawa** – Tumutulong sa lahat ng tungkulin ng Lead (Nangunguna) at umaako sa tungkulin ng Lead sa kawalan nito.
- **Monitor ng Linya** – Binabati ang mga botante, sinasagot ang mga pangkalahatang tanong, at dinadala sila sa naaangkop na istasyon (hal. Klerk ng Pag Tsek-in , Klerk ng VBM, atbp.). Tinitiyak na ang linya ay sapat na pinananatili sa pamamagitan ng pagtulong at pagdidirekta sa mga botante sa proseso ng ISB at pagbibigay ng mga tagubilin kung paano gamitin ang BMD. Ang listahan ng handout na malapit sa Mga Sentro ng Pagboto ay madaling makukuha bilang opsyon sa mga botante kung sakaling may mahabang linya o oras ng paghihintay.
- **Klerk ng Stop Station** – Nagtuturo sa mga botante ng mga Tagubilin sa COVID-19 at sinisiguro na ang lahat ng mga tagubilin ay sinusunod bago pumasok sa Sentro ng Pagboto.
- **Klerk ng Pag Tsek-in** – Pinapapasok ang mga botante, binibigyan sila ng kanilang balota at ididirekta sila sa lugar ng pagboto.
- **Tagasubaybay sa Lugar ng Pagboto** – Dinidirekta ang mga botante sa magagamit na BMD, nagsasagawa ng troubleshoot sa mga pangunahing tanong/isyu sa BMD, at tinutulongan ang Tagasubaybay ng Linya, kung kinakailangan.
- **Tekniko sa Field Support** – Nagsasagawa ng troubleshoot sa mga isyu sa kagamitan sa Sentro ng Pagboto (hal. BMD, ePollBooks, Router, atbp.). Tumutulong sa chain of custody para sa lahat ng kagamitan sa halalan at mga rekord ng oras ng paghihintay, imbentaryo ng balota, at mga insidente sa mga sistema ng RR/CC.

- **Pansamantala/ Klerk ng VBM** – Tumutulong sa mga provisional at CVR na botante, tumatanggap ng mga sobre ng VBM mula sa mga botante, at nag-iisyu ng mga istiker na "I Voted" (pinagpapasyahan na posisyon).

### **3-B PAGTULONG SA SENTRO NG PAGBOTO**

Ang bawat Sentro ng Pagboto sa County ay magkakaroon ng mga BMD, na ganap na magagamit na mga kagamitan sa pagboto na pinapayagan ang lahat ng mga botante na markahan ang kanilang balota nang independyente at pribado. Dagdag pa rito, ang lahat ng mga Manggagawa sa Halalan ay makakatanggap ng pagsasanay sa pagtulong sa mga botante na may mga kapansanan sa bawat hakbang ng proseso ng pagboto. Kabilang dito ang nakatutok na pagsasanay sa mga tampok na makukuha sa BMD na magiging malaking pakinabang sa mga botanteng may mga kapansanan. Ang mga karagdagang mga kagamitan sa madaling paggamit na magiging handa sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto ay kinabibilangan ng nagpapalaki ng paningin na salamin, gabay sa pag-pirma, mga panghawak sa panulat, mga 20/20 na panulat, at mga serbisyo sa pagboto sa gilid ng bangketa.


Nag-aalok din ang mga Sentro sa Pagboto ng pagboto sa gilid daan. Ang serbisyong ito ay inilaan para sa mga botante na maaaring may mapaghamong oras o hindi makapasok sa isang sentro sa pagboto. Ang pagboto sa gilid ng daan ay nagpapahintulot sa mga botante na bumoto mula sa kaginhawahan ng kanilang sasakyan sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono na malinaw na nakapaskil sa itinalagang lugar sa labas ng sentro sa pagboto at pagkakaroon ng isang Manggagawa sa Halalan na kumuha ng materyal sa pagboto sa sasakyan ng botante upang sila ay makapag-iisa at pribadong markahan ang kanilang balota. Kabilang sa mga opsyon para sa mga botante ang pagmamarka ng kanilang balota gamit ang ISB o balotang papel.

### **3-C PAGKAKAAYOS NG SENTRO NG PAGBOTO**

Gaya ng nabanggit sa Seksyon 3-A, magkakaroon ng iba't ibang sukat ng Sentro ng Pagboto. Gayunpaman, depende sa pagkakaayos ng silid at iba't ibang mga detalye na natatangi sa bawat Sentro ng Pagboto, ang eksaktong bilang ng mga BMD sa bawat Sentro ng Pagboto ay maaaring mag-iba. Ang bawat Sentro ng Pagboto ay bibigyan ng pagkakaayos na diagram upang matiyak na ang mga BMD ay inilalagay sa paraang nagpapahintulot sa botante na bumoto ng pribado at sa independiyenteng balota. Dapat ding maging sensitibo ang mga pagkakaayos sa mga pangangailangan sa madaling paggamit ng mga botante at iaakma upang matugunan ang iba't ibang hugis at laki ng kwarto ng bawat lokasyon. Nasa ibaba ang isang diagram na nagpapakita ng halimbawa ng isang maliit na pagkakaayos ng Sentro ng Pagboto.



Halimbawa ng pagkakaayos ng Sentro ng Pagboto



## SEKSYON 4 – PLANO SA SEGURIDAD AT ANUMANG MAAARING MANGYARI

### 4-A MGA PARAAN AT PAMANTAYAN NG SEGURIDAD

Ang lahat ng pagboto na isinagawa sa Mga Sentro ng Pagboto ng County ay susunod sa mga pamantayang panseguridad na itinatag ng Estado, mga pamamaraan ng seguridad ng RR/CC, Kodigo sa Mga Halalan sa California, at Mga Pamamaraan sa Paggamit ng Sistema ng Pagboto sa California. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, pagtiyak na ang lahat ng kagamitan sa Sentro ng Pagboto ay selyado, inihatid, iniimbak, at ginamit bilang pagsunod sa mga regulasyong ito at ang chain of custody ay nakadokumento para sa lahat ng kagamitan at paghawak ng balota. Bilang karagdagan, ang mga pamamaraan ay nangangailangan na hindi bababa sa dalawang Manggagawa sa Halalan ay naroroon kapag ang site ay bukas.

### 4-B SUPORTA SA SENTRO NG PAGBOTO

Ang lahat ng kawani, kabilang ang mga nagtatrabaho sa mga Sentro ng Pagboto, at ang mga nagkakaloob ng teknikal na suporta at suporta sa pagsunod, ay dadalo sa malawak na pagsasanay sa pagpapagana ng kagamitan sa pagboto, pagsasaayos ng isang Sentro ng Pagboto, pagtulong at

pagproseso sa mga botante, pagbabantay sa sensitibong kagamitan, at ang mga wastong pamamaraan kung sakaling magkaroon ng emerhensiya.

Lahat ng Mga Nangunguna sa Sentro ng Pagboto at Mga Tekniko sa Field Support (FST) ay bibigyan ng smartphone upang makipag-ugnayan sa mga kawani ng halalan kung kinakailangan. Ang mga telepono ay malakas, maaasahan, at halos hindi nababasag na mga kagamitan na idinisenyo para sa matinding mga kondisyon. Ang mga kagamitan na ito ay magbibigay-daan sa mga Lead at FST na makipag-ugnayan nang mabilis at payagan ang RR/CC na magpadala ng mga update at mensahe sa lahat ng mga Sentro ng Pagboto nang sabay-sabay. Ang mga hakbang sa seguridad ay inilagay din upang matiyak na ang RR/CC ay maaaring malayuang i-off ang mga kagamitan, baguhin ang pagkaka-ayos ng mga telepono at isusi ang mga telepono kung sakaling mawala o manakaw ang mga ito.

Ang RR/CC ay magkakaroon ng sinanay na sentro ng pagtawag na may kawani na handa at handang tumulong sa mga tumatawag sa pagresolba ng mga isyu. Ang lahat ng mga Manggagawa sa Halalan at ang mga nagbibigay ng teknikal at suporta sa pagsunod ay sasanayin sa mga pamamaraang pang-emerhensiya at bibigyan ng isang manwal sa pagsasanay para sa pagpapatakbo ng Sentro ng Pagboto at pagproseso ng mga botante sa panahon ng emerhensiya.

#### **4-C CYBERSECURITY**

Ang cybersecurity at pagpapanatili ng integridad ng halalan ay mga kritikal na priyoridad ng RR/CC. Ang pangkat ng Information Technology ng RR/CC ay nagpatibay ng isang Pamamahala, Panganib, at Pagsunod (GRC) na balangkas upang iayon sa mga pamantayan ng industriya at pinakamahuhusay na kagawian bilang karagdagan sa pagpapabuti ng antas ng maturity ng RR/CC. Ang RR/CC ay nagpapatakbo ng seguridad sa network at magbibigay ng patuloy na pagsubaybay upang maagap na tumugon sa mga kahina-hinala o malisyosong insidente. Bukod pa rito, ang mga ePollbook ay sentral na pinamamahalaan at naka-whitelist sa mga router, ang mga koneksyon ay naka-encrypt upang makatulong na ipatupad ang pag-encrypt sa pahinga, sa paggalaw, at sa pagbibiyaha, at ang mga nakabahaging susi ay binabago para sa bawat halalan. Sa wakas, itinatag ang sentro ng operasyon ng seguridad (SOC) na partikular sa mga halalan upang magbigay ng tuluy-tuloy na pagsubaybay upang aktibong tumugon sa mga kahina-hinala o malisyosong insidente. Bukod pa rito, ang mga ePollbook ay sentral na pinamamahalaan at naka-whitelist sa mga router, ang mga koneksyon ay naka-encrypt upang makatulong na ipatupad ang pag-encrypt sa pahinga, sa paggalaw, at sa pagbibiyaha, at ang mga nakabahaging susi ay binabago para sa bawat halalan. Sa wakas, itinatag ang sentro ng operasyon ng seguridad (SOC) na partikular sa mga halalan upang magbigay ng tuluy-tuloy na pagsubaybay upang aktibong tumugon sa mga kahina-hinala o malisyosong insidente.

#### **4-D PLANO SA ANUMANG MAAARING MANGYARI**

Ang RR/CC ay may matatag na plano sa anumang maaaring mangyari upang malutas ang anumang pagkagambala sa isang Sentro ng Pagboto. Sa pangkalahatan, kung ang isang Sentro ng Pagboto ay makabuluhang naabala, ang RR/CC ay agad na magtatalaga ng isang Pop-Up na Sentro ng Pagboto. Ang Pop-Up na Sentro ng Pagboto na ito ay binubuo ng mga tauhan at lahat ng kagamitang kailangan para mag-set up ng mga ePollbook at BMD. Habang ang Pop-Up na Sentro ng Pagboto ay naka-deploy at naka-set up, ididirekta muli ng mga Manggagawa sa Halalan ang mga botante sa mga kalapit na mga Sentro ng Pagboto.

Kung naaangkop, ipapaalam din ng RR/CC ang tagapagpatupad ng batas, ang opisina ng Kalihim ng Estado, at magbibigay ng mga pagsasapanahon sa media upang tiyakin na ang mga botante ay may alam. Kung ang natural na sakuna o iba pang kaguluhan ay makakaapekto sa posibilidad ng Sentro ng Pagboto o Kahong Hulugan ng Balota, ang karagdagang notipikasyon, karatula, at kawani ay magagamit para idirekta ang mga botante sa kahalili ng lokasyon.

Kung ang lahat ng aktibidad sa isang Sentro ng Pagboto ay itinigil para sa panahon ng pagboto, ang mga Manggagawa sa Halalan ay agad na sisiguraduhin ang kagamitan at account ng Sentro ng Pagboto para sa lahat ng mga materyales sa pagboto alinsunod sa mga Kodigo ng Halalan ng California at sa Mga patnubay sa Paggawa at Pagtatapos ng Balota. Susubukan ng RR/CC na magbukas ng pamalit na Sentro ng Pagboto at malawakang ipapakalat ang impormasyon sa publiko tungkol sa pagbabago.

#### **SEKSYON 5 – PAGSULONG**

Ang mga botante ng Los Angeles County ay patuloy na lumalaki at nagiging mas magkakaiba. Ang mga komunidad kung saan sila gumagana ay patuloy ding nagbabago, nagiging mas dumedepende sa teknolohiya at inuuna ang kaginhawahan. Ang RR/CC ay patuloy na magiging maliksi, umaangkop, at tumutugon, inaayos ang planong ito kung kinakailangan upang pinakamahusay na mapagsilbihan ang mga botante ng County.